7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 7

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 3: Linggo 7**
**SY 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Charie Ann C. Padullo

**Tagasuri:**
- Voltaire M.Villanueva, Ph.D.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKATLONG KUWARTER, BAITANG 7**

| *I.* **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa sa konteksto ng kolonyalismo sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng pagtatanghal na nagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya sa konteksto ng kolonyalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>1. Natatalakay ang kahulugan at layunin ng Kumperensyang Bandung.<br>2. Naipapaliwanag ang mga hamon sa pagkabansa sa Indonesia, Malaysia, Singapore at Brunei matapos ang Kumperensyang Bandung.<br>3. Napaghahambing ang mga hamon sa pagkabansa ng pangkapuluang Timog-Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung |
| **C. Nilalaman** | • Hamon sa Pagkabansa sa Pangkapuluang Timog -Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung sa Indonesia, Malaysia, Singapore, Brunei |
| **D. Integrasyon** | **Mga Sustainable na Lungsod at Komunidad (Layunin 11)** |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Bustamante, E. & Avendano, F. (2016). *Sulyap sa Kasaysayan ng Asya*. St. Bernadette Publishing House Corporation

Charalampos Efstathopoulos. (2023) Global IR and the middle power concept: exploring different paths to agency. *Australian Journal of International Affairs* 77:2, pages 213-232.

Chandni Desai & Rafeef Ziadah. (2022) Lotus and its afterlives: Memory, pedagogy and anticolonial solidarity. *Curriculum Inquiry* 52:3, pages 289-301.

*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* 2016, Mayo. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf

Harry Verhoeven. (2021) The party and the gun: African liberation, Asian comrades and socialist political technologies. *Third World Quarterly* 42:3, pages 560-581.

Ideal Leadership of General Aung Sun [Online Image]. (2020). Myanmar Digital News. https://www.myanmardigitalnewspaper.com/en/ideal-leadership-general-aung-san

IQuestion PH (2022, August 30). *Ano ang Nasyonalismo?* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=juVCANRKqVs

Kai He. (2019) Constructing dynamic security governance: institutional peace through multilateralism in the Asia Pacific. *Journal of Contemporary East Asia Studies* 8:2, pages 141-156.

Knowledge Channel. (2022, November 14). *Ano ang Nasyonalismo* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=lyMUmS0-ou0

*Nasyonalismo* (n.d.). CulturEd Philippines. https://philippineculturaleducation.com.ph/nasyonalismo/

Piedad-Pugay, C. & Uckung, P. (2020). Jose Rizal: Discover The Human Side Of the National Hero of the Philippines [Online Image]. Tatler Asia. https://www.tatlerasia.com/lifestyle/arts/a-closer-look-on-the-more-human-side-of-national-hero-dr-jose-rizal

Sakurno Founding Father of Indonesia [Online Image]. (2023). Banknote World. https://www.banknoteworld.com/blog/sukarno-founding-father-of-indonesia/

Teacher Aldrin TV. (2021, September 2). *Ang Deklarasyon ng Kalayaan o Kasarinlan ng Pilipinas (K-12 MELCS Based)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=e4zVr154CgA

Teacher Shaira. (2020, November 8). *Deklarasyon ng Kasarinlan ng Pilipinas at Ang Unang Republika* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=HvGLOOx3cbk

Telan, Jemerlyn. (2020, July 30). *Ang Apat na Elemento ng Pagkabansa (Ang Aking Bansa)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=11CGKuEq4-w

Thomas Muhr. (2023) Reclaiming the politics of South-South cooperation. *Globalizations* 20:3, pages 347-364.

Veneracion M. (2018). *Nasyonalismo: Ang Makabayang Pilosopiya sa Pagpapanumbalik ng Maka-Pilipinong Kamlalayan.* Philippine E-Journals. https://ejournals.ph/article.php?id=12966

Zaide, G. & Zaide S. (2014). *Kasaysayan ng Bansang Asyano Ika-8 Edisyon.* All Nations Publishing Co., Inc.

[Cartoon Government House]. Shutterstock. https://www.shutterstock.com/search/cartoon-government-house

Mga Layunin ng Sustainable Development ng UN: Mga Kurso na Magagamit na Libre! https://www.peace-ed-campaign.org/tl/free-sdg-courses/

Zeynep Gulsah Çapan. (2022) TimeSpace of the 'international'?. *Cambridge Review of International Affairs* 35:6, pages 811-825.

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br><br>***(Mind & Mood)*** | **Unang Araw**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br><br>**A. Mga Gunita:** Ano-ano ang mga hamon sa pagkabansa sa mga bansang sumusunod matapos ang Kumperensya ng Bandung. Ilagay at isulat sa sagutang papel.<br>*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*<br><br>**B. Paghambingin:** Paghambingin ang mga hamon sa pagkabansa ng limang | Ang mga gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring mapagpilian upang balikan ang natapos na aralin sa nakaraang kuwarter at bilang panulay sa mga bagong paksang tatalakayin sa bagong kuwarter na ito. |

| | | |
|---|---|---|
| | bansa sa pangkontinenteng Timog-Silangang Asya.<br><br>*(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)*<br><br>Paano nagkakapareho at nagkakaiba-iba ang epekto sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya matapos ang komperensiyang Bandung? | |
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br><br>***(Aims)*** | **1. Panghikayat na Gawain**<br><br>**A. PICTURE IT!:**<br>Hatiin ang klase sa tatlong grupo at ipaliwanag kung ano ang nakikita sa larawan. Gamitin ang mga gabay na salita sa kahon. Magsaliksik upang mapunan ng detalye ang pagsasalaysay.<br><br>*(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**IANGKOP ISALIN**<br><br>Hatiin ang klase sa apat na grupo, itala ang mga karanasan ng bawat bansa sa Timog-Silangang Asya pagkatapos ng kumperensiyang Bandung.<br><br>**Indonesia**    **Malaysia**    **Singapore**    **Brunei** | Sa bahaging ito ay mahalagang maipaalam sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng paksang tatalakayin. Maaaring gamiting gabay ang mga kalakip na gawain. |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Ano ang naging epekto ng Kumperensiya ng Bandung sa mga bansang kasapi sa pangkapuluang Timog-Silangang Asya pagdating sa kanilang relasyon sa isa't isa?<br>2. Paano natugunan ng mga bansa sa pangkapuluang Timog-Silangang Asya ang mga hamon na umusbong matapos ang Kumperensiya ng Bandung?<br>3. Paano naging bahagi ang mga kasunduang nabuo sa Kumperensiya ng Bandung sa paghubog ng identidad at papel ng bawat bansa sa rehiyon? | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim**<br><br>***(Tasks and Thought)*** | **Kaugnay na Paksa 1:** Hamon sa Pagkabansa sa Pangkapuluang Timog-Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung<br><br>**Ikalawang Araw**<br><br>Sa kasaysayan ng rehiyong Timog-Silangang Asya, mayroong mahalagang yugto na nagdulot ng malalim na impluwensiya sa pag-unlad ng nasyonalismo at pagkakaisa ng mga bansa sa rehiyon. Isa sa mga pangunahing sandigan ng pag-usbong ng nasyonalismo sa Timog-Silangang Asya ay ang Kumperensiya ng Bandung noong 1955. Ang pagtitipon na ito ay naging bungkos ng mga pambansang lider mula sa Asya at Africa na naglalayong itaguyod ang mga prinsipyong demokrasya, kalayaan, at soberenya.<br><br>Sa Kumperensiya ng Bandung, nagtagpo ang mga kinatawan mula sa iba't ibang bansa tulad ng India, Indonesia, Pakistan, Sri Lanka, Myanmar, at iba pa. Layunin ng pagtitipon na ito na magtamo ang kolektibong lakas sa pagharap sa mga hamon ng kolonyalismo, imperyalismo, at pagpapalakas ng demokratikong pamahalaan sa kanilang mga bansa. Isa itong espasyo ng pagpapalitan ng ideya, karanasan, at layunin para sa pagsulong ng kanilang pambansang interes.<br><br>Ang Kumperensiya ng Bandung ay hindi lamang isang pagtitipon ng mga lider, kundi isang mahalagang yugto sa pagpapalakas ng nasyonalismo sa Timog-Silangang Asya. Sa pamamagitan nito, nagkaroon ng pagtutulungan at pagkakaisa ang mga | Ang mga gawaing nakalahad sa bahaging ito ay gawing gabay upang lubusan na maunawaan ang paksa sa linggong ito. |

bansa sa rehiyon sa pagtataguyod ng kanilang sariling kalayaan at soberenya mula sa dayuhang impluwensiya.

Isa sa mga pangunahing bunga ng Kumperensiya ng Bandung ay ang pagtataguyod ng pambansang identidad at pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagkakaisa, naging masigla ang pagpapalakas ng pambansang kultura, wika, at kasaysayan sa bawat bansa sa rehiyon. Binigyan ng importansya ang pagpapahalaga sa sariling identidad at pagmamalaki sa kagandahan at yaman ng bawat bansa sa Timog-Silangang Asya.

Isa pa sa mahalagang bunga ng Kumperensiya ng Bandung ay ang pagpapalakas ng kooperasyon at ugnayan sa pagitan ng mga bansa sa rehiyon. Sa pamamagitan ng pagsasanib-puwersa at pagtutulungan, nakamit ang mas malaking boses sa pandaigdigang komunidad. Naitaguyod ang mga prinsipyong pang-ekonomiya, pang-kultura, at pang-politika na naglalayong mapalakas ang pag-unlad at kabutihan ng bawat bansa sa Timog-Silangang Asya.

Sa kabuoan, ang Kumperensiya ng Bandung ay naging simula ng isang bagong yugto sa kasaysayan ng Timog-Silangang Asya. Sa pamamagitan nito, nabigyan ng bagong sigla at lakas ang nasyonalismo at pagkakaisa ng mga bansa sa rehiyon. Ang mga aral at tagumpay mula sa Kumperensiya ng Bandung ay nanatili at nagpatuloy sa pag-unlad ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya pati na rin sa kanilang patuloy na pakikibaka para sa kalayaan, kaunlaran, at kapayapaan.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa. Brainstorming!**
   Magpahanda ng ½ na blangkong papel. Isulat ang iyong ideya ukol sa mga hamon ng nasyonalismo sa pangkapuluan sa Timog-Silangang Asya. Sagutin ang mga gabay na tanong:

   1. Ano ang mga pangunahing hamon na hinaharap ng mga bansa sa pangkapuluan ng Timog-Silangang Asya pagkatapos ng Kumperensiya ng Bandung?

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Paano nakaimpluwensta ang Kumperensiya ng Bandung sa mga hakbang ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa pagharap sa kanilang mga internal at panlabas na hamon?<br>3. Paano nagbago ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa kanilang sariling pambansang identidad at pagkakakilanlan pagkatapos ng Kumperensya ng Bandung?<br>4. Ano ang mga hakbang na ginawa ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa kanilang sariling pambansang identidad at pagkakakilanlan pagkatapos ng Kumperensya ng Bandung?<br>5. Paano nakatulong ang Kumperensiya ng Bandung sa pagpapalakas ng kooperasyon at ugnayan sa pagitan ng mga bansa sa pagnkapuluan ng Timog-Silangang Asya?<br><br>**Ikatlong Araw**<br><br>**2. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Mga Karanasan sa mga Sumusunod na Bansa: Indonesia, Malaysia, Singapore, at Brunei Pagkatapos ng Kumperensiyang Bandung**<br><br>Pagkatapos ng Kumperensiya ng Bandung noong 1955, ang mga bansang Indonesia, Myanmar, Singapore, at Brunei ay nakaharap sa iba't ibang karanasan at hamon na nagbunsod sa kanilang pag-unlad at pagbabago sa rehiyon ng Timog Silangang Asya.<br><br>Sa Indonesia, ang kumperensiya ay nagbigay-inspirasyon at lakas sa kanilang pakikibaka para sa kalayaan mula sa kolonyalismong Olandes. Pagkatapos ng kumperensiya, nagsimula ang isang yugto ng pagbuo at pagpapalakas ng kanilang pambansang identidad at soberenya. Subalit, hindi ito nagging Madali at nahirapan ang bansa sa mga suliraning pang-ekonomiya at panlipunan sa sumunod na taon. | |

May mga tunggalian sa loob ng bansa, gayundin ang mga problema sa pamamahala at kahirapan.

Sa Myanmar, ang kumperensiya ay nagbigay ng pagkakataon upang magsagawa ng pagpapalit sa kanilang patakaran at pamahalaan. Gayunpaman, ang bansa ay nakatagpo ng mga hamon sa pagpapalakas ng pambansang identidad at demokrasya. Lumala ang mga tunggalian sa loob ng bansa, kasama na ang mga pakikidigma sa mga etnikong minoridad at mga suliranin sa karapatan ng tao.

Sa Singapore, ang kumperensiya ay nagbigay ng inspirasyon para sa kanilang paglaban sa kolonyalismong Briton. Pagkatapos ng kumperensiya, nagsimula ang isang yugto ng pag-unlad at modernisasyon sa lungsod-estado. Nagtagumpay sila sa pagpapalakas ng kanilang ekonomiya at pagpapaunlad ng kanilang edukasyon at imprastruktura. Gayunpaman, mayroon ding mga hamon, tulad ng pagkontrol sa populasyon at mga isyu sa multikulturalismo.

Sa Brunei, ang kumperensiya ay nagbigay ng inspirasyon para sa kanilang paglalakbay patungo sa kasarinlan mula sa kanilang kolonyal na pamamahala ng Britanya. Pagkatapos ng kumperensiya, nagkaroon sila ng mga hakbang sa pagpapalakas ng kanilang ekonomiya, partikular sa sektor ng langis at gas. Gayunpaman, hinaharap din nila ang mga hamon sa aspekto ng pamamahala at pagsusulong ng pantay-pantay na kaunlaran.

Sa kabuoan, ang mga bansang Indonesia, Myanmar, Singapore, at Brunei ay nakaranas ng mga pagbabago at hamon pagkatapos ng Kumperensiya ng Bandung. Bagamat mayroong mga tagumpay, mayroon ding mga suliranin at pagsubok na kanilang kinaharap sa kanilang paglalakbay tungo sa pag-unlad at kasarinlan bilang mga bansang Timog-Silangang Asyano.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa.**

   Tukuyin ang mga karanasan at hamon sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya pagkatapos ng Kumperensiyang Bandung.

| Bansa | Mga Hamon | Mga Karanasan |
|---|---|---|
| 1. Indonesia | ____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________ |
| 2. Myanmar | ____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________ |
| 3. Singapore | ____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________ |
| 4. Brunei | ____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________ |

### Ikaapat na Araw

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**USAP-PANAYAM:**
Hatiin ang klase sa apat na grupo base sa mga bansang Indonesia, Myanmar, Singapore, at Brunei. Gumawa ng limang tanong na nakapaloob sa sumusunod na ideya at gawin itong gabay sa palabas na pag-uusap/*talk show* ng bawat grupo.




**PANGKAT 1. (INDONESIA) Pagsulong ng Pambansang Identidad**: Sa mga bansang ito, isang pangunahing hamon ay ang pagpapalakas ng kanilang pambansang identidad at pagkakakilanlan. Pagkatapos ng panahon ng kolonyalismo, kinailangan ng mga bansa na bumuo ng kanilang sariling pambansang pagkakakilanlan habang patuloy na pinapanatili ang kanilang pagiging bahagi ng rehiyong Timog-Silangang Asya.

**PANGKAT 2. (MYANMAR) Pananatili ng Kapayapaan at Pag-unlad**: Ang pangunahing tunguhin ng mga bansang ito ay ang pagpapanatili ng kapayapaan at pag-unlad sa rehiyon. Sa pamamagitan ng pagsasanib-puwersa at kooperasyon, nagsikap ang mga ito na magtulak ng mga programa at patakaran na naglalayong mapalakas ang ekonomiya at seguridad sa kanilang mga teritoryo.

**PANGKAT 3. (SINGAPORE) Pangunahing Pangangailangan sa Ekonomiya**: Ang pangangailangan sa pagpapaunlad ng ekonomiya ay isa ring mahalagang hamon para sa bansang Indonesia, Malaysia, Singapore, at Brunei. Dahil sa kanilang magkakatabing lokasyon at pagkakaugnay sa pandaigdigang kalakalan, mahalaga para sa mga bansang ito na magpatupad ng mga patakaran at programa na magpapalakas sa kanilang ekonomiya at magbibigay ng oportunidad sa kanilang mamamayan.

**PANGKAT 4. (BRUNEI) Pamamahala at Pagsasabatas**: Isa pang hamon ay ang patuloy na pagpapalakas at pagpapatatag ng kanilang mga pamahalaan at sistema ng pagsasabatas. Sa pagtataguyod ng demokratikong pama~~ma~~halaan at

pagpapatupad ng mga batas at regulasyon na naglalayong mapanatili ang kaayusan at katarungan sa kanilang lipunan.

**PANGKAT 5. Pagtugon sa Pandaigdigang Isyu**: Ang mga bansang Indonesia, Malaysia, Singapore, at Brunei ay nahaharap din sa mga pandaigdigang isyu tulad ng pagbabago ng klima, pandaigdigang seguridad, at pandaigdigang ekonomiya. Kaya't mahalaga para sa kanila na maging bahagi ng pandaigdigang pamayanan at makipagtulungan sa iba't ibang bansa upang tugunan ang mga hamong ito.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**.
   **Paghahambing:**
   Ilahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pamamaraan ng ng pagtamo ng kasarinlan sa pagitan ng sumusunod na bansa: Indonesia, Myanmar, Singapore, at Brunei.

| Pagkakatulad | Pagkakaiba |
| --- | --- |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________________ | ________________________________ |
| ________________________ | ________________________________ |

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat<br><br>(Abstractions)</td><td>1. Paglilinaw Gamit ang Talahanayang KWL:<br><br>Ilahad ang iyong sariling pananaw batay sa iyong natutuhan sa aralin. Isulat ang pahayag sa loob ng kahon.<br><br><table><tr><th>Iyong Natutuhan<br>(KNOW)</th><th>Reaksiyon<br>(WHAT)</th><th>Natutunan<br>(LEARN)</th></tr><tr><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________.</td><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________.</td><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________.</td></tr></table></td><td>Ang bahaging ito ay magisilbing daan para sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga natutuhan sa natapos na aralin.</td></tr>
<tr><td>E. Pagtataya<br><br>(Tools for Assessment)</td><td>1. Pagsusulit<br><br>Isulat T ang kung ito ay nagpapakita ng karanasan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya at H kung hindi.<br><br>1. Pagtatag ng pambansang Identidad. ___________<br>2. Pangunahing patakarang panloob, programa sa agraryo, industralisasyon, at pang-edukasyon. __________<br>3. Pamamahala ng Multikulturalismo sa Singapore. __________</td><td>Ang bahaging ito ay magsisilbing pagtataya sa naging pag-unawa ng mga mag-aaral sa natapos na paksa.<br><br>1. T<br>2. T<br>3. T<br>4. H (Internal)<br>5. H (Brunei)</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4. Eksternal na hidwaan o di pagkakasundo sa Myanmar. __________<br>5. Ang Singapore ay nakaranas ng pangunahing pag-usbong dahil sa kanilang likas na yaman sa langis at gas. ___________<br>6. Pang-ekonomiyang Diversipikasyon sa Brunei. ___________<br>7. Dahil sa kayamanan sa langis, nakapagpatayo ang Myanmar ng modernong imprastruktura at nagbigay ng mataas na antas ng serbisyo sa kanilang mamamayan. ____________<br>8. Pamamahala at Demokrasya sa Myanmar. ____________<br>9. Sa ilalim ng pamumuno ni Lee Kuan Yew, nagtagumpay ang Malaysia na magkaroon ng mahalagang papel sa pandaigdigang ekonomiya. __________<br>10. Pagkatapos ng Kumperensiya ng Bandung, nagsimula ang Indonesia na bumuo ng mga patakarang panloob na naglalayong palakasin ang kanilang ekonomiya at pamahalaan. _____________ | | | 6. T<br>7. H (Brunei)<br>8. T<br>9. H (Singapore)<br>10. T |
| **F. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo*** | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | *Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Charie Ann C. Padullo*** | ***Sinuri ni: Voltaire M. Villanueva*** |
| ***Institusyon: Leyte Normal University*** | ***Institusyon: PNU-Maynila*** |